Ano ang Nasa Dako Pa Roon?

Isang Pagsisiyasat sa Kultural na Imbestigasyon ng Bureau of Non-Christian Tribes

Mary Jane B. Rodriguez-Tatel

If one would really… know something of the country and its peoples…must leave cities and towns behind, and turning from beaten path, push into the almost unexplored regions where the wild tribes can be found.

—Dean Conant Worcester
(*Sec. of the Interior,* 1901-1913)

The Cordilleras of Northern Luzon, the mountains of Mindoro, Palauan and Mindanao are not only unmapped and unexplored but have hardly been penetrated by white men.

— David Prescott Barrows
(*Chief, Bureau of Non-Christian Tribes,* 1901)

Panimula: Mga motibo sa likod ng *"Benevolent Assimilation"*

Ano ang nasa dako pa roon? Dalawang bagay ang nais ipahiwatig ng katanungang ito. Una, hiwalay, malayo ang nagtatanong sa lugar na "doon". Ang doon ay nasa gilid o kasuluk-sulukan, malayo at iba o hiwalay sa kanila. At pangalawa, malalim ang motibasyong nakapaloob, nagpapahiwatig ng nag-uumapaw na kuryosidad na nag-uudyok sa nagtatanong upang lampasan pa ang narating na; upang magalugad,